**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LAGINGHANDAPH**
**HOSTED BY PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR AND UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO WITH NATIONAL TASK FORCE AGAINST COVID-19 CHIEF IMPELEMENTER SECRETARY CARLITO GALVEZ JR., COMMISSIONER GRECO BELGICA OF PRESIDENTIAL ANTI-CORRUPTION COMMISSION, DEPARTMENT OF THE INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT UNDERSECRETARY MARTIN DIÑO; LEYTE GOVERNOR LEOPOLDO DOMINICO PETILLA; DEPARTMENT OF HEALTH UNDERSECRETARY MA. ROSARIO VERGEIRE AND PHILIPPINE PERMANENT REPRESENTATIVE TO ASEAN AMBASSADOR NOEL EUGENE EUSEBIO SERVIGON.**
**MAY 22, 2020 (11:04 A.M. - 12:28 P.M.)**

**USEC. IGNACIO:** Magandang umaga, Pilipinas. Sa pagpapatupad ng Enhanced Community Quarantine na kalaunan ay naging MECQ at GCQ, unti-unti na ngang nag-iiba ang ating paraan ng pamumuhay. Dahil dito, hindi po maiiwasan na bawat isa ay manibago sa ating pagharap sa 'ika nga ay new normal. Ngayong umaga, siksik po sa impormasyon na kailangan ninyong malaman ang muli naming ihahatid, lilinawin ang iba't ibang katanungan ng ating mga kababayan.

Ating tatalakayin at aalamin ang pinakabagong update sa gitna po ng krisis dulot ng COVID-19 kasama pa rin po ang mga kawani at opisyal ng pamahalaan, ako po si Undersecretary Rocky Ignacio. At makakasama pa rin po natin maya-maya lamang si Secretary Martin Andanar, at ito po ang Public Briefing #LagingHandaPH.

At upang sumagot sa mga tanong ng bayan, maya-maya lamang makakausap natin sina National Task Force Against COVID-19 Chief Impelementer Secretary Carlito Galvez Jr., Commissioner Greco Belgica ng Presidential Anti-Corruption Commission, Department of the Interior and Local Government Undersecretary Martin Diño, makakasama rin po natin sina Leyte Governor Leopoldo Dominico Petilla at Department of Health Undersecretary Ma. Rosario Vergeire and Philippine Permanent Representative to ASEAN, Ambassador Noel Eugene Eusebio Servigon, at siyempre ang Philippine Broadcasting Service sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon.

Good morning, Secretary Andanar.

**SEC. ANDANAR:** At upang alamin po naman ang balita sa pagdating ng ating mga kababayan sa probinsiya sa Leyte mula sa pilot testing ng *Balik Probinsiya, Bagong Pag-asa Program*, makakausap po natin si Leyte Governor Leopoldo Dominico Petilla. Magandang araw po sa inyo, Gov.

**GOVERNOR PETILLA:** Magandang araw, Secretary at saka Usec. Rocky. At saka sa lahat ng mga nanunood ngayon, magandang araw.

**SEC. ANDANAR:** Governor, noon pong Miyerkules ay nagsimula ang unang launch ng Balik Probinsiya Program. Kumusta po ang pagdating nang mahigit isandaan nating mga kababayan diyan po sa Leyte?

**GOVERNOR PETILLA:** Well, maayos naman ang pagdating, very happy. Happy sila pagdating dito, happy din kami na finally nabawasan natin ang mga kababayan namin sa Leyte na nagdurusa. Medyo na-delay lang iyong arrival nila, mga inabot na ng mga almost nine o'clock na dumating. So ang ginawa muna sa kanila, pinababa, nag-disinfect, tapos may mga interviews na ginawa, pagkatapos ng interview, nag-swabbing para sa PCR test. And then at the same time habang ginagawa iyong process na iyon, disinfect din natin iyong mga bagahe nila na naiwan sa bus. Tapos after nila sa lahat na iyan, may mga sundo sila galing sa mga munisipyo nila, after sa swabbing, pinasakay na namin para makauwi na sila doon sa kanilang mga munsisipyo. So maayos naman overall ang pagdating, so far.

**SEC. ANDANAR:** Yes, bago pa man dumating iyong mga magbabalik probinsiya nating kababayan diyan sa Leyte, ano po iyong mga preparations na ginawa po ng inyong lalawigan, sir?

**GOVERNOR PETILLA:** Well, number one is to ensure ang kalusugan, lalo na sa coronavirus. Ensure na malaman natin kaagad kung mayroon o wala, tapos ma-manage kaagad kung sakaling mayroon. Kung wala naman, eventually, i-reintegrate natin doon sa kanilang kaniya-kaniyang mga bahay, sa kaniya-kaniyang pamilya. At least, pagdating dito, they are in better condition kasama ang mga pamilya at saka iyong extended families, mga kamag-anak na nandito.

And then, mayroon na rin kasi tayong nauna na galing sa Camarines Sur. Nagpapasalamat ako kay Governor Villafuerte sa suporta din nila dito, nauwi naman dito two weeks ago. Parang iyong iba rin kasi matatapos na ang quarantine nila, so pinapa-hire namin kasi mga construction workers, inanuhan namin iyong mga contractors dito na government projects, at least iyon, puwede tayong mag-demand na i-hire nila para tuluy-tuloy na makapagtrabaho kasi full-swing na naman din ang ating construction after pa sa Holy Week.

Iyong iba naman parang nandito, kasama natin sumalubong din dito iyong Regional Director, RD Angie ng DA, tapos iyong ating Provincial Director Banario sa TESDA at saka iyong … nandito din iyong mga taga-DOLE ng region. So, everybody is really ready to help. Ang kailangan muna natin talaga ngayon muna is mahintay natin muna, lumabas muna ang resulta ng swab testing na ginawa before we can really start implementing ng mga livelihood assistance sa kanila, parang ganoon, parang sigurudahin muna natin iyong kalusugan. So, okay din naman ang mga national agencies na mag-extend din ng tulong.

So, that is on the immediate timeframe after nitong … ang arrival nila. Pero ang *Balik Probinsiya* as I understand, it's a long term program to develop ang economies ng mga probinsiya para makapag-create tayo ng mga jobs at saka hindi na magpunta pa sa mga big

cities like Metro Manila ang mga kababayan namin para lang maghanapbuhay. So iyon din, I think napa-finalize na rin ang IRR para doon.

Nakausap ko na rin si Secretary Chua tungkol dito, paano ba natin mapalago. Kasi since Yolanda, medyo malago ang ating ekonomiya sa Leyte since Yolanda, eh kapag nasuportahan pa ito ng *Balik Probinsiya Program* lalo pang lalago ang ating ekonomiya. So, hindi na kailangan talaga ng mga kababayan natin na mangibayong lugar para lang maghanapbuhay. So, iyon iyong mga preparations na ginagawa natin, Sec., madami-dami din ito.

**USEC. IGNACIO:** Governor, nasa 31 na local government units po sa Leyte kung saan nakatira ang mga returnees. Saan-saan po tumutuloy ang mga ito? At ano po ang plano natin para naman sa kanila?

**GOVERNOR PETILLA:** Iyong kagabi, after nila i-process sa mga interviews at saka swabbing at saka mga pag-disinfect, sinundo na sila ng mga staff ng MDRRM at saka iyong municipal offices ng kaniya-kaniyang munisipyo, sinundo sila dito; at saka nandoon na sa mga towns nila. Kasi ang mga munisipyo, mayroon din silang mga health protocols na ginagawa. For example ang iba hihintayin muna nila ang resulta ng swab galing sa PCR laboratory, hopefully hindi na magtagal masyado. Tapos may iba naman, sabi nila na mga mayors na kung medyo paglabas ng swab o kung anumang PCR test na negative sila, puwede na raw siguro silang i-home quarantine until makumpleto nila ang 14 days. Mag-home quarantine na lang para kasama na nila ang mga members of the family nila.

**USEC. IGNACIO:** Governor, may mga long terms projects po kayong inihanda para sa pagbabalik, gaya po ng livelihood opportunities. Ano po iyong mga detalye tungkol dito? At paano po iyong pakikipag-ugnayan natin sa mga ahensiya tungkol dito?

**GOVERNOR PETILLA:** Take note na ever since Yolanda, we have been developing ang ekonomiya ng ating mga komunidad lalo na ng mga conflict areas. Although, a lot of them hindi na conflict areas, halos lahat hindi na conflict areas kasi lumago ang economy. Basically on, ang tina-target namin dito ay iyong farther development, increase productivity sa ating agriculture at saka iyong ating mga former rebels kasi mga farmers na ngayon. Plus ina-ano rin natin kung ma-ano rin ng national government iyong *Build, Build, Build*, mapalago pa ang *Build, Build, Build* kasi these are the industries talaga na nagha-hire ng pinakamaraming poorest of the poor natin. And then itong mga industries natin na ito, itong *Build, Build, Build,* iyong construction at saka agriculture ay mayroong mga natural na social distancing iyan, hindi naman iyan sila nagdidikit-dikit habang nagtatanin at nagha-harvest. Saka iyong mga nagko-construction, hindi naman talaga iyan nagdidikit-dikit. And then mandatory din naman ang face mask dito.

So doon kami nag-ano na, doon inaano ang strategy natin is to increase ang ating income, it's to further increase ang disposable income ng mga Leyteños 'no through Build, Build, Build and agriculture. And then because of the increase ng disposable income which has been increasing since the time ng Yolanda, that's very inviting sa ating mga retails, sa ating

transport sector, parang ganoon. So magki-create pa iyan ng mga jobs 'no, with the investments of more companies especially iyang mga multinational companies. Over the years, maraming nag-invest dito kasi tumaas ang disposable income ng mga Leyteños.

So we're hoping to increase pa 'no ang disposable income para mag-invest pa sila, mag-create pa ng jobs, tens of thousands of jobs, at saka magkaroon ng oportunidad itong ating mga kababayan – hindi na sila aalis pa sa probinsiya para maghanap pa ng trabaho. So iyon iyong, kumbaga in a nutshell, iyon iyong parang strategy that we want to take with the Balik Probinsiya Council eventually.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Governor, maraming salamat po sa inyong oras. Kami po ay magpapatuloy na makikibalita tungkol pa rin sa programang ipinatutupad ninyo ngayon sa inyong lalawigan. Maraming salamat po, Governor Petilla.

**GOVERNOR PETILLA:** Maraming salamat, Usec. Rocky at saka Sec. Andanar. At saka sa mga nanunood ngayon, maraming salamat sa inyo. Mabuhay ang Pilipinas. Keep calm, kalmado tayo and please do not discriminate. Do not discriminate. Maraming salamat po.

**SEC. ANDANAR:** Salamat [garbled] Alamin po natin ngayon ang pinaka … [garbled] kaugnay sa mga programa ng pamahalaan sa paglaban sa COVID-19. Sa kauna-unahang pagkakataon, makakausap natin sa programa si National Task Force on COVID-19 Chief Implementer Secretary Carlito Galvez. Magandang araw po sa inyo, Secretary.

**SEC. GALVEZ:** Magandang umaga po sa inyo, Secretary Martin.

**SEC. ANDANAR:** Nagkakaroon po ng confusion sa marami sa ating mga kababayan kaugnay sa ibig sabihin ng second wave ng COVID-19. At [garbled] na nga ba tayong sumasailalim dito, Secretary?

**SEC. GALVEZ:** Sa amin pong pagtingin po ay nasa first wave pa rin po tayo. At nakikita po natin na itong first wave natin ay nakuha natin sa local transmission since noong pinatupad po natin ang Inter-Agency Task Force noong January, at the same time, hanggang ngayon po ay nilalabanan po natin itong local transmission. And we believe that, iyon nga, iyong second wave, iyon ang binibigyan natin preparasyon na dapat iyon ang … maano natin iyong second wave na iyon.

So ang ano po, noong nagpupulung-pulong po tayo sa Malacañang, kasama po iyong ating mga key secretaries, ay napag-usapan nga po natin iyong ating preparation for second wave. At ang nakita nga natin dito is iyong magkaroon ng spike ang mga ibang lugar, at ang isa rito na nakikita natin is iyong importation ng tinatawag nating transmission through iyong malaking influx ng ating OFWs. Nakita natin ngayon na ang ating OFWs, we are receiving more than 30,000, and they came from affected areas na katulad ng US, Italy, Spain and other part of Middle East. So iyon ang tinitingnan natin, doon magkakaroon tayo ng tinatawag na possible ano, ng second wave.

Kaya ngayon ay nagpi-prepare tayo, lahat ng mga agencies have prepared especially iyong special task group ng repatriation so that we can test them immediately upon entry dito sa ating mga airports. And with that, we are so happy that out of the 30,000 OFWs na na-test ay mayroon tayong nakuha na more or less na 600 na positive.

**SEC. ANDANAR:** Kaugnay naman sa inilaan ng ating pamahalaan na budget na 20 billion pesos para sa 11 million personal protective equipment (PPE), ano po ang update tungkol dito, Secretary?

**SEC. GALVEZ:** Sa ngayon po, iyong ano natin, sa 20 billion, kasama po iyong 1.8 billion na nauna na. Sa ngayon ay mayroon na po tayong mahigit na 700,000 na naipamahagi na po sa different 389 hospitals na COVID hospitals.

And also, sa ngayon ay ongoing ang procurement natin. At ang first delivery ng three million na first tranche ay dumating na po noong last Monday. At mayroon po tayong kabuuan for distributions na, more or less, 400,000.

So kahapon nga po ay nag-distribute ako ng PPE to support our frontliners dito sa Baguio City. So we have distributed more than 6,000 to 8,000 PPEs. Kahapon noong lumipad kami, nagdala po kami ng, more or less, 2,000 so nadagdagan po iyong 6,000 so naging 8,000 na po iyong ating naka-preposition para sa Cordillera Administrative Region.

At iyong mga sumusunod pa na mga distribution po natin ay ating itinatalaga sa lahat ng kabuuan na 85 hospitals dito po sa Visayas at mayroon po tayong 225 na hospitals sa Mindanao at iyong sinasabi po natin na total na 699 hospitals po, di-distribute-an natin po ng mga PPEs para ligtas po ang ating mga frontliners dahil iyon po ang pinakabilin po sa atin ng ating mahal na Presidente na we have to preserve and protect our frontliners.

**USEC. IGNACIO:** Good morning, Secretary Galvez. Mayroon tayong tanong mula sa ating kasamang si Joseph Morong ng GMA-7: What are the possible options of community quarantine for Metro Manila after May 31st? And how about other areas which are under GCQ now?

**SEC. GALVEZ:** Nakikita po natin ang isang magandang option po ay magkaroon po tayo ng tinatawag na granular approach o iyong tinatawag nating selective approach or iyong surgical approach. Kasi dito natin makikita talaga na we have to have a direct impact immediately, at saka iyong rapid response natin ay nakatutok talaga doon sa mga affected.

So ang ginagawa namin po ngayon ay nagkakaroon po kami ng mga tinatawag na granular analysis. And we saw that ang next approach natin siguro maganda ay by clusters or iyong tinatawag na cluster of (unclear). We will use both iyong tinatawag nating mga analytics on doubling time and also iyong tinatawag na attack rate or iyong incident rate. And with that, ang gagawin natin, possibly we will identify two areas; ang tinatawag nating two areas, iyong tinatawag nating economic areas at saka iyong affected areas.

Sa affected areas, we can cluster them into four. Sinasabi po namin na we will have the zoning concept which we presented to the President. Ang zoning concept po na ito, napakaganda po nito dahil kasi talaga iyong area ay iku-cordon natin or gagawin natin iyong tinatawag na… doon na lang natin ila-lockdown sa mga areas o mga compound na affected. So iyong area na ito ay tinatawag nating index area or critical area. Iyong nasa palibot niya na affected din na medyo kukonti, ito naman po iyong tinatawag na containment area.

Iyong containment area at saka itong critical area, mayroon pong tatawagin pa ring mga buffer zone. Itong buffer zone na ito, itong mga areas na hindi po affected pero contiguous po doon sa mga affected areas.

And we have iyong tinatawag na out of the buffer zone, ito po iyong mga categorization ng mga economic areas na puwede po tayong magbukas ng more or less 50% to 100% ng economic activity.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, tanong pa rin po mula kay Joseph Morong: Kailan daw po mag-o-open ang commercial domestic flights?

**SEC. GALVEZ:** Sa ngayon po, ang domestic flight po natin ay mayroon po talaga silang bibigyan na tinatawag nating controlled or limited flights. Ang flights pa lang po natin na ina-allow po ngayon ay tinatawag nating inbound flights ng ating mga OFWs, seafarers at saka mga returning Filipinos. Kasi po ang inaano po natin ay gumagawa pa po tayo ng protocol na one-stop-shop. So iyong one-stop-shop po dito sa NAIA, Terminal 1 at saka Terminal 2, ay nagkakaroon po tayo ng tinatawag na simulation or tinatawag na dry run.

Ang gagawin natin nito, once na naka-establish na po tayo ng mga testing centers sa mga gateway natin ay puwede na po nating i-replicate iyong ganitong sistema na one-stop shop. One-stop shop, wherein iyong ating mga returning Filipinos ay sinu-swab po natin immediately upon entry and then we will establish some sort of a quarantine facility for them to wait until such time that the result of the testing will be provided to them.

So iyon pong sistema po na iyon, nakikita po namin na we can only allow iyong travel if these protocols, stringent protocols is in place. Kasi nakita natin na hindi na natin puwedeng gawing po iyong very ano … tinatawag nating, iyong normal na ginagawa natin sa travel because as we all know, nagkakaroon po tayo noong tinatawag na … tumataas po ang ating affectations because of iyong tinatawag nating immigrant or iyong tinatawag nating importation from travel. So iyon po, magiging vulnerable po tayo kapag once ang ating pong mga airport ay unregulated.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, nagpadala rin po ng katanungan si Tina Mendez ng Philippine Star: As you announced around 42,000 more OFWs are expected to arrive in the Philippines in the next few weeks. Ilan po ang overall estimate na OFWs adversely affected abroad because of the pandemic? How many have signified going back to the Philippines?

**SEC. GALVEZ:** Sa ngayon po ang record pa lang po namin, nakausap po namin ang ating Ambassador ng UAE, mayroon po siyang sulat, nakita nila na initially ngayon mayroon tayong tinatawag na 4,000 na affected noong tinatawag nating regulated inbound travel dito sa NAIA. Sa ngayon ang inaano namin, nagpatupad na po ng pag-uutos ang ating NTF Chair, si Secretary Lorenzana na we want to declog iyong Metro Manila within 2 weeks.

So with that, ang mangyayari sa atin is unti-unti po nating iaangat ang ating entry quota to more or less siguro mga 1,000 a day. So in that case, at least iyong 4,000 po na iyon, kapag po naayos po ang ating mga quarantine facilities dito at ma-declog ang quarantine facilities dito sa Metro Manila ay puwede na tayong umangat na pagtanggap ng mga bilang ng ating mga OFWs.

We are really very—we are empathizing with their plight kasi talagang pong napakahirap ang kalagayan po ng ating mga kasamahan sa abroad. But we will do our best na mapapabilis po iyong proseso.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, tanong pa rin mula kay Tina Mendez: Paano po ina-address ng gobyerno ang challenges sa pagdagsa ng OFWs sa bansa kaugnay sa quarantine, and impact po nito sa economy kasi po mawawalan sila ng hanapbuhay?

**SEC. GALVEZ:** Unang-una po, ang ating mga concerned units, ang ating DOLE at saka ang OWWA ay talagang tumutulong po sa kanila. Sa ngayon po mayroon na po silang na-release na more or less 500 million to support them, their accommodations, food and travel. And at the same time tinitingnan din po natin na possibility na mabigyan po sila ng ayuda at magkaroon po sila ng tinatawag na part po sila ng ating programa para at least they can prepare a new life kapag nakabalik na po sila sa kani-kanilang mga lugar.

Iyan po ay tinitingnan po ng ating mahal na Presidente at nai-brief na po natin si mahal na Presidente sa problema na nakita natin ngayong May and June, may additional … out of the 30,000 that already arrived, mayroon pa po tayong arriving this coming June – 42,000. Ito pong problema ng OFWs ay nakikita po namin na malaki pong problema dahil we are estimating na more or less ang pinakamababa po is 150,000 to 500,000 ang babalik po ngayong taon. At ito po ay nakikipag-usap na po kami sa DOLE at saka sa DSWD at saka sa LGU on how we could uplift iyong mga dislocations ng ating mga OFWs.

At talaga pong pagtutuunan po ito ng ating mahal na Pangulo dahil kasi alam natin itong mga … ating mga bagong bayani ay sa ngayon ay talagang naapektuhan ng COVID-19. We will try our best to uplift the welfare of the OFWs and rest assured that the government will take care of you. And talagang medyo pasensiyahan na po na nag-aano po tayo nang konti dahil kasi na-overwhelm po ang ating mga quarantine facilities dito po sa Metro Manila.

**SEC. ANDANAR:** Secretary, ano naman ang masasabi ninyo sa issue kaugnay sa OFWs na umalis ng quarantine facilities dahil matagal na raw silang naghihintay, hindi pa rin nati-test?

Iyong iba po naman ay na-test na pero hindi pa rin dumarating iyong kanilang resulta o dumating na iyong resulta pero hindi pa rin sila makauwi ng probinsiya.

**SEC. GALVEZ:** Sa ngayon po, mayroon na po tayong 10,000 na—127 na hatid na program at medyo lang po tinitingnan po natin kung ano pong mga puwede po nating magawa para at least maginhawaan po iyong ano ng ating mga OFWs. Ako po ay nakikiusap nang konting pasensiya sa ating mga OFWs, ginagawa na po natin ang transportation arrangement at ang atin pong OWWA ay nagkakaroon na po ng sweeper flights with the airlines.

At ang ating MARINA naman po ay nakikiusap na po sa ating mga local manning agencies and also with the different shipping agencies para po magkaroon po tayo nang maayos na pagbabalik ng ating mga OFWs sa kanilang mga lugar.

At ang ibang mga LGUs din po ay amin pong—talagang nagpapasalamat din po kami na sila mismo rin ang gumagawa ng paraan na maiuwi nila iyong kanilang mga OFWs kasama na dito iyong mayor ng mga NCR, lalo na sila Mayor Gatchalian na sila mismo ang kumuha sa kanilang mga OFWs.

**SEC. ANDANAR:** Ngayong ilang araw na lang po bago magtapos ang buwan ng Mayo, kumusta po iyong expanded targeting testing? Sa ngayon, nasa ilang porsiyento na po ba ang ating improvement pagdating sa pagsasagawa ng mga tests?

**SEC. GALVEZ:** Sa ngayon po, nagsimula po tayo noong Marso nang more or less 1,500 lang ang ating testing a day. Sa ngayon ay nabi-breach na po natin ang 11,500 mark at tuluy-tuloy po ang pag-angkat natin ng mga makinarya, mga automated machines para tumaas po ang ating capacity. Considering also na talagang nagkakahirapan po tayo sa supply, considering that all the consumables of the test kits at saka iyong mga testing ano natin ay talagang nagkakaubusan sa supply. We are trying to fix our supply chain na at least iyong gagawin po natin ay maglalaan po tayo ng stockpile po ng mga supplies and consumables for 30 days for 50 testing centers and 30,000 tests a day.

Sa ngayon gusto ko pong maibalita na out of the three hospitals that we have accredited on March, ngayon po mayroon na po tayong 39 accredited hospitals. At kami po ay pupunta nga po sa mga areas para po magbigay at maglagay ng mga PCRs at saka mga automated machines na iyong iba po ay donation po ng ating mahal na mga business sector. And we are very thankful na last two days ago dumating po ang more or less 20 PCR machines at more or less mahigit na 10 automated machines na donated by the different companies.

At kami po ay natutuwa na ngayon po ay halos araw-araw kaming lumilipad para po maihatid po ang mga machines na ito sa Tacloban, dito po sa areas ng Baguio. Sa Baguio po kinakabit na po ngayon ang dalawang PCR, dito po sa area ng Mindanao at dito po sa Visayas. So, sa Visayas po, ang mauuna po natin ang Iloilo and then also itong sa area ng Mindanao, madadagdagan po ang ating Southern Philippines Medical Center ng additional PCR machines.

At nakikita po namin na ang ginagawa po natin na kapag once na natapos na po ang pagti-testing natin dito sa ating mga OFWs ay lilipat kami ng pagti-testing ng mga suspected COVID cases dito sa Metro Manila. So, sa ngayon po ang pinagtutuunan po namin ng pansin ay iyong 175,000 na na-trace na natin, iyon po ang pinaka-priority ng ating testing.

At inuulit ko po na hindi po tayo magsasagawa ng tinatawag nating mass testing, ang gagawin po natin ay expanded testing or targeted testing. Meaning ang talagang tini-test lang natin ay iyong mga dapat lang ma-test especially iyong tinatawag nating mga symptomatic at saka iyong mga vulnerable societies at saka frontliners, also iyong mga probable at suspected COVID cases. Ito po ang pinagtutuunan natin ng pansin na mag-test.

Ang ating mga private sector ay araw-araw rin po na nagko-conduct sila ng rapid testing sa mga affected areas, iyong tinatawag nating zero prevalence rapid testing. At kadalasan po ito ay nangyayari sa Manila, sa Quezon City, sa Parañaque at sa ibang mga lugar ng Metro Manila. At iyan po ay gagawin po natin din sa ating mga different local communities, in fact we have already distributed more or less 200,000 rapid test kits doon po sa mga vulnerable areas na wala pong PCR.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, mayroon lang po tayong tinanggap na tanong dito. How many PCR machines did the IATF procure from China at saan daw po madi-deploy ang mga naturang machines?

**SEC. GALVEZ:** Ang machines po na iyan ay prinocure po ng ating mga private sector lalo na iyong Ayala Group; itong tinatawag nating iyong business group under Joey Concepcion, ang namumuno po dito ay iyong former Secretary Garin po natin. At ito po ay ibinibigay po sa mga more or less eight hospitals kasama po ang Fabella, Children's Hospital, dito po sa Clark, ang iba po ay pupunta po sa Tacloban, sinabi ko na po na isa sa Zamboanga City, doon po sa Baguio and also dito sa area ng Region IV at saka Region III. Iyon po ay malaki po ang maitutulong noon dahil ang capacity po noon ay more or less seven to twelve thousand po ang magiging capacity niya tests a day.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, mag-iisang linggo na po sa darating na Sabado nang ipatupad ang MECQ sa Metro Manila kung saan may pinakamalaking kaso po ng COVID-19 at GCQ naman po sa iba pang lugar. Ano po ang pinag-aaralan na susunod na hakbang ng pamahalaan dito laban sa COVID-19?

**SEC. GALVEZ:** Tinitingnan po natin, bumisita po ako sa Baguio kasi iyong Baguio medyo advanced po sila. Nakita natin maganda iyong preparation nila at kung makikita mo sa Baguio talagang naka-open ang lahat ng mga tindahan, ang hindi lang nila ino-open ay itong mga restaurants at saka itong mga hotels.

Ito iyong tinitingnan namin na kapag once na na-control na natin iyong situation, if we have already an effective way on testing, tracing at saka iyong treatment, nakikita po namin na puwede na tayong magbukas.

Bukas nga po ay naka-ano po kami sa MOA ni DTI Secretary, titingnan namin iyong mga business na puwede naming i-open this coming June 1 at tinitingnan po din namin iyong mga protocols.

Sa ngayon, gusto ko pong maibalita po sa inyo dahil nakikita ko po kung saan ay tuloy-tuloy na po ito, sa atin po since May 15 at saka May 21 bumababa na po ang ating record of deaths at ito po ay iba-validate po natin sa bababa, nakikita po namin na nababa-validate po talaga.

Kung titingnan natin noong May 15 only sixteen and deaths natin and then May 16 – 11; May 17 – seven; May 19 – 6; May 20 – 4; at saka May 21 – 4. So meaning, pababa nang pababa ang ating death, kaya nga po nakikita natin iyong ating istratehiya at ang ating National Action Plan, I believe in terms of iyong tinatawag natin na diminishing or reducing the death rate ay nagiging effective po.

At gusto ko pong ibalita sa inyo na mayroon pong nagbigay sa akin ng [unclear] na talagang ang ating MECQ at saka iyong ECQ protocols po natin ay maganda ang naging result. Kung titingnan po natin ang National Capital Region at saka iyong New York State at saka iyong Lombardy Region ay halos magkakapareho po ang kanilang population; pero kung titingnan po natin dito po sa New York State, ang naging casualty po nila is 61,886 samantalang ang National Capital Region is 842 lamang, sa Lombardy Region sa Italy, 32,330.

Nakikita po natin na sa National Capital Region ang pinakamataas natin naitala na namatay is only fifty samantalang sa New York State is 800 at sa Lombardy, Italy is 900. Kaya po iyong mga iba na nagsasabi na nagkamali po tayo ng istratehiya, ito nakita natin, isang malaking batayan na ang ating isinagawang ECQ at saka nagpapasalamat ako sa AFP at saka PNP at sa DILG at sa ating mga mayors at saka mga governors dahil nakikita natin very effective po ang nakikita po nating localized strategy na ang ating mga LGUS are the one doing the fight in this COVID-19.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, pasensya na po may nagpahabol pa ring tanong mula kay Cedric Castillo ng GMA 7: Kung may final decision na ba daw po to include or not include GCQ areas sa second tranche ng SAP? At may mga naglabas daw po kasi ng opinyon na labag sa Bayanihan Law to exclude GCQ areas. Ano daw po ang comment ninyo dito?

**SEC. GALVEZ:** Ang ano po, napag-usapan po natin ay naaayon pa rin sa Bayanihan Act at nasasaad po doon ay bibigyan po natin ng priority ay iyong poorest of the poor and then from there iyong mga hindi po nabigyan nang first tranche ay bibigyan po natin and then titingnan po natin kung ano po iyong mga listahan na talagang dapat mabigyan at iyon po ang sinusunod ng ating DSWD na mabigyan po ang dapat mabigyan.

So, sa ngayon po iyong sinasabi nating … iyong dapat ang GCQ mabigyan po natin, titingnan po natin dahil kasi alam po naman natin ang ating resources is not unlimited, limited din po ang resources natin at saka ang ano po natin, nakatala lang po na pera na nailaan ng ating Bayanihan We Heal as One ay doon lang po tayo magkakaroon ng tinatawag na flexibility.

So, more or less kung ano po ang nakalataga po doon na eighteen million or maybe sabihin natin na eighteen million ang magkakaroon po ng benefits ay doon lang po talaga tayo sa nasasaad po sa Bayanihan We Heal as One.

Iyon po ang inaano po namin sa pag … ang aming pag … ano po ng pag-aaral as with the Department of Finance at saka ng DSWD ay doon lang po talaga po kami sa tinatawag po na nangangailangan. Iyon po ang mga priority at saka iyong listahan po ng DILG at saka ng DSWD ay we will reconcile so that we will really give the benefits to those who need this most based on the available funds that we have.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, kaugnay naman po sa posibleng pagpapatupad ng barangay level lockdown na ipinauubaya sa mga LGUs, may mga guidelines po bang inilabas ang IATF tungkol dito?

**SEC. GALVEZ:** Mayroon na po tayong previous guidelines, ang Omnibus Guideline of 112 na ipinalabas po ng IATF na iyong RIATF po ay puwede pong mag-lockdown ng tinatawag nating mga provincial and municipal level.

Pero po ito, ang nakita po natin na ang mas maganda po talaga ang mga probinsiya at saka itong mga municipal at saka city ay sila po talaga ang magtingin sa mga areas na critical. So, iyong mga critical areas na iyan katulad ng ginawa po nila General Magalong, kapag na-contact trace po nila ang isang block na ito'y heavily affected at ito'y nakitang heavily contaminated, puwede nating kaagad na isarado iyong block na iyon at ang gagawin doon ay ite-test natin iyong mga block na iyon para at least malaman natin talaga kung ilan ang affected.

And from there ang paglolockdown po natin ay puwede pong barangay, puwede pong cluster of barangays at puwede lang isang compound or isang subdivision or isang area na affected. So, ibig sabihin very flexible po ito at hindi po ito fixed na isang lugar lang.

So, ang gagawin po natin ay bibigyan po natin ng tinatawag na autonomy ang ating mga local government units because we know and also the President and us know that the local government unit know best what is best for their constituents.

So, nakikita po natin sa mga models na nagagawa nito, ang Davao City maganda ang ginagawa niya, itong CARAGA maganda rin po ang ginagawa, pati po itong CAR Region na aking nabisita na po.

**SEC. ANDANAR:** Secretary, ano po ang inyong mensahe sa ating mga kababayan?

**SEC. GALVEZ:** Sa ating mga kababayan at sa ating mga minamahal na mga nanonood, ang akin pong bati po sa inyo ay sana ay ano rin po … sundin lang po natin ang ipinatutupad ng national government dahil ang ating Pangulo ang gusto niya lang po ay magkaroon po tayo ng magandang solusyon dito po sa COVID-19.

Alam po natin na napakahirap ng dinadanas po natin ngayon pero humihingi kami ng pasensya at ang ating national government is doing its best in order to cope and mitigate the effect of COVID-19 para po sa ating mga mamamayan.

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat po sa inyong panahon, National Task Force Against COVID-19 Chief Implementer, Secretary Carlito Galvez, Jr.

**SEC. GALVEZ:** Maraming salamat din po. Maraming salamat po at maayong buntag.

**SEC. ANDANAR:** Maayong buntag, sir.

Ang ASEAN members ay ilan sa mga bansang lubhang naapektuhan ng COVID-19 pandemic. Kaya naman upang makibalita sa mga hakbang at plano nito para sa mga ASEAN regions, makakausap natin sa puntong ito live mula sa Indonesia si Philippine Permanent Representative to ASEAN, Ambassador Noel Servigon.

Magandang umaga po sa inyo, Ambassador Noel.

**AMBASSADOR SERVIGON:** Hello! Good morning, Secretary. Magandang umaga. Greetings from Jakarta.

**SEC. ANDANAR:** Yes, sir. It's great talking to you again. Ngayon nahaharap na po sa matinding krisis ang kalusugan ng mga bansang kabilang sa ASEAN region, ano po ang plano ng ASEAN organization para tulungan ang miyembrong mga bansa na apektado po ng pandemya?

**AMBASSADOR SERVIGON:** Secretary, iyong ASEAN natin, gumagawa ng mga hakbang para mapatuloy ang coordination and information sharing on best practices kung paano ma-address itong COVID pandemic natin. So, na-notice natin na for the past few month, we have high level online ministerial meeting sa mga health ministers natin at saka mayroon tayong special ASEAN Summit na ginawa recently. So, from these directives of our leaders, we continue to find the best mechanism in order to address the situation right now. Halimbawa, iyong Public Health Emergency Operation Center Network, this is the first ASEAN body that responded to this, still continuing its information sharing something, and these are all circulated among the members of ASEAN.

**USEC. IGNACIO:** Ambassador, paano po nagkakaisa at nagtutulungan ang mga ambassador member states sa gitna po ng COVID-19 crisis?

**AMBASSADOR SERVIGON:** We are always in coordination with each other, iyong mga ASEAN officials, despite na hindi na kami maka-meet physically, naano na natin iyong online natin,

iyong virtual meetings natin. And we have hastened our communication system among ourselves so that kapag may mga bagong improvements or development, we can easily share with one another.

**USEC. IGNACIO:** Sir, nito lang po May 19, ang ASEAN Emergency Operations Center Network for Public Health Emergencies po ay nagkaroon ng video conference sa mga members nito kaugnay po sa government policies for containment, mitigation and recovery phases po para sa COVID-19 pandemic. Maaari po ba ninyong maibahagi sa amin iyong mga ilan pong detalye na napag-usapan sa conference?

**AMBASSADOR SERVIGON:** Iyong Public Health Emergency Operation Center Network, iyong member ay ang Department of Health natin. They have been—as I have said earlier, ito iyong pinakauna na ASEAN body na nag-response kaagad sa COVID pandemic, and they are continuing their information sharing. As of now, I don't have the details of that meeting a few days ago, but we can report on that subsequently.

**SEC. ANDANAR:** Paano naman nakakaapekto ang kasalukuyang pandemya sa ASEAN Integration at *[unclear]* ng mga ASEAN members?

**AMBASSADOR SERVIGON:** Secretary, we have a proposal ng isang ASEAN Recovery Fund that will help us in our continuing mitigation program. Itong recovery plan, we are working on them mechanism, so that it will be adopted and announced on, most probably, before the next ASEAN Summit.

**SEC. ANDANAR:** Ano naman ang hakbang o plano para maiwasan ang paglaganap ng coronavirus within the ASEAN region? You mentioned earlier na parte ng inyong ginagawa ay iyong sharing of best practices, pero bukod po doon, ano pa po ba iyong iba pang proyekto na nakikita po ninyo?

**AMBASSADOR SERVIGON:** Secretary, pinapatuloy pa rin natin iyong mga lahat ng information campaign natin and we encourage every ASEAN member state to organize in coordination with the ASEAN secretariat this information campaign. We are assuming that we will have a webinar diyan sa Manila hosted by the ASEAN Center on biodiversity. We have discussed the relationship of wildlife and this COVID pandemic. And next week, we will have again a forum here in Jakarta under the ASEAN-China dialogue relations about the sharing of best practices. Naniniwala kami na sa pag-share ng information nito, we will be able to promote further the awareness on how to address the COVID pandemic, sir.

**SEC. ANDANAR:** Ano po ang inyong mensahe sa ating mga kababayan, Ambassador?

**AMBASSADOR SERVIGON:** Sa mga kababayan natin, we should continue to keep track of the announcement made by our national agencies. And for those mga migrant workers dito sa ASEAN region, we have been coordinating closely with the different information agencies sa other ASEAN countries. Any information about kung papaano matutulungan ang mga migrant

workers natin are always made available directly to the embassy to encourage people to always be in contact with their respective Philippine Embassy sa mga capitals dito sa South East Asia, sir.

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat po sa inyong panahon, Ambassador Noel. Mabuhay po kayo and hope to see you again. Si Ambassador Noel Eugene Eusebio Servigon po.

**AMBASSADOR SERVIGON:** Thank you rin, Mr. Secretary, and mabuhay din kayo.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Sa kabila ng mga isyu kaugnay sa korapsyon sa mga kasalukuyang programa ng pamahalaan sa gitna ng pandemya, alamin natin ang update. Kaugnay niyan, makakausap ay po natin si Commissioner Greco Belgica ng Presidential Anti-Corruption Commission. Magandang araw po.

**COMMISSIONER BELGICA:** Magandang araw naman po, Usec. Rocky. At saka magandang araw kay Sir Martin Andanar at saka sa atin pong mga kababayan na nanunood. Magandang araw po sa inyong lahat.

**USEC. IGNACIO:** Commissioner, sa kabila po ang pagpapatupad ng community quarantine sa bansa, kumusta na po iyong dami ng natatanggap ninyong reklamo mula sa ating mga kababayan. Ano ba iyong madalas pong reklamo na natatanggap ninyo?

**COMMISSIONER BELGICA:** Tuluy-tuloy po ang ating pasasalamat sa ating hotline – salamat po sa pag-launch natin dito sa Laging Handa. As of May 15, mayroon na po tayong natanggap na total of 3,992 reports and mostly ang pinakamataas pong complaint, at least kalahati, tungkol po doon sa unfair selection at saka process distribution ng SAP. Pangalawa po diyan iyong SAP qualifications, tapos po iyong failure to be included sa list of beneficiaries.

Pero lately po, we have also received several complaints doon po sa paglabas ng mga fake news, nasama na rin po doon sa mga pambabatikos sa ating pamahalaan lalung-lalo na sa ating Pangulo. We received complaint na ito naman po ay pinadala natin sa NBI at pinaimbestigahan. Iyong iba po diyan ay nahuli na. Halo na po iyong may mga barangay officials na nahuli po tayo at nadampot na, mga bumabalik doon sa kanilang mga nabigyan at kinukuha iyong kalahati, 2,500/4,500 and hanggang ngayon hinahanap iyong iba pang hindi pa naaresto. This will all be tackled in the coming—and we have communicated and still in communication with DSWD, DILG, NBI and PNP para sa filing ng mga cases na ito.

And then kasama na rin po iyong—there are systems na pinu-propose ng [garbled] para maiwasan ang mga ganitong klaseng… para bang inefficiencies to say the least, mayroon ng mga proposals na ginagawa ang DSWD, DICT, kasama ang ARTA at DILG para po mas efficient iyong distribution at saka iyong pag-audit. So medyo nandoon na ho kami sa aspetong iyon.

Pero just to say [garbled] sa atin pong mga kababayan, mas marami po ang nakatanggap talaga at masaya kaysa roon po sa mga nagrereklamo. Medyo maingay lang po talaga iyong

mga nagrereklamo, and we understand and we are acting on it. Pero ang maganda po ang [garbled] first time nangyari sa atin ito pero marami po ang nagpapasalamat sa tulong na ibinigay ng pamahalaan sa pangunguna ni Pangulong Duterte [garbled] Senator Bong Go at saka iyong mga taong on their personal capacity bigay nang bigay. So iyon po.

**USEC. IGNACIO:** Mukhang hindi po natin naririnig si Secretary Andanar ano po. Ito na lang po ang tanong: Para daw po sa kaliwanagan ng ating mga manunood, ano lamang ba po daw ang sakop na tinutugunan ng PACC?

**COMMISSIONER BELGICA:** Okay, primarily po for presidential appointees. Pero when we launched our hotline, tinanggap na rin po namin lahat ng mga complaints ng ating mga kababayan with regard to itong COVID at saka distribution. And then we partnered with the agencies and endorsed it to them for appropriate actions, that would be DSWD, DILG, PNP, NBI, Customs. Alam din po natin dahil iyon nga hong pag[garbled] kasama po natin of course. Mayroon din po tayong mga natatanggap na report tungkol doon sa mga overpriced na mga equipment na pinadala, so we're also looking into it po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pagdating naman po doon sa mga reklamo na inyong natatanggap, ano iyong proseso ng pagtugon ninyo o iyong aksyon ng inyo pong opisina?

**COMMISSIONER BELGICA:** Una po, papasok po iyon sa evaluation. So we have group of lawyers na nag-e-evaluate noon with [garbled] jurisdiction. So kapag nakita na po [garbled], iba-validate po iyon, tinatawagan or normally ayaw magpakilala ng reporter [garbled] they are kept anonymous. Tapos [garbled] mayroon silang mga ebidensiya [garbled] kung iyong mayroon na po na iyon [garbled] iyon nasa jurisdiction ng PACC ay binibigay po namin [garbled] pinaka-task group [garbled] na kasama iyong ibang mga agencies na ipinadala po ng kanilang mga Cabinet secretaries to represent their agencies para po either matugunan, kunwari mga hindi nabigyan o kaya mga mali ang interpretation, para ho matugunan iyong concern at saka maipaliwanag po [garbled] hindi naintindihan ng nagre-report. Akala nila qualified sila, hindi naman or nagtatanong lang ng proseso.

And then iyong [garbled] jurisdiction ng PACC [garbled] iyon po ay dinadala na namin sa [garbled] investigation [garbled] iimbestigahan na po kaagad iyon. Gagawan na po ng kaso po iyon para magkaroon na po ng [garbled].

**USEC. IGNACIO:** Opo. Commissioner, sa kabila po ng pandemya, patuloy pa rin po at walang patid ang inyong panghuhuli sa mga mapang-abuso at corrupt. Maaari ninyo bang ibahagi sa amin iyong ilan lamang sa mga operasyon o complaint na inaksyunan ninyo na, inaaksyunan ninyo kamakailan?

**COMMISSIONER BELGICA:** Opo, totoo po iyan. Nakita ninyo po iyong mga kagawad, iyong isang kagawad na nag-viral, pinahuli po natin kaagad iyan. Nakuha po ng pulis iyan, ma'am, sa Bulacan. Tapos iyong isa naman po na… pati po iyong teacher na nag-viral din po iyong post, pinahuli po natin sa NBI po iyan. And then iyong mga iba pa ho na mga reports, hindi na po

natin ipinost pero after nung pagkakahuli na po na iyon ay nagdagsaan po iyong mga reports [garbled] effigy [garbled] mga patong sa ulo po niya. [Garbled] kaagad iyong mga reports na iyon, kinuha po natin iyong mga ebidensiya at ipinasa po sa NBI para po sila ay hulihin.

Ang lahat po niyan [garbled] may kaso at nakulong [garbled] iyong iba ho pero medyo nabawasan na po sila ngayon and this is just to say, hindi [garbled] ganiyang klase [garbled] lalung-lalo na ang mga [garbled] doon sa mahihirap nating kababayan at may nananakot pa, nagni-name drop iyong [garbled] nila or kung sinuman, hindi po natin pinalampas. Lahat po ng mga report sa atin, inaksyunan natin [garbled]. Hindi pa natin nahuhuli lahat pero marami na po tayong nahuli.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Commissioner, ano na lang po iyong babala ninyo o paalala sa mga mapagsamantalang opisyal na gumagawa ng katiwalian o umaabuso po sa kapangyarihan?

**COMMISSIONER BELGICA:** Opo. There will be a day of reckoning. Busy lang tayong lahat ngayon at saka naka-quarantine pa iyong iba. Darating po ang oras na kayo po ay haharap din sa batas. So sa ating mga kababayan, you know, you can [garbled] and we will make sure na aaksyunan natin, iimbestigahan natin at the least, at we will all bring them to justice.

At saka pangalawa po, sana po huwag na nating pagnakawan iyong mga mahihirap nating mga kababayan bagkus tulungan po natin sila dahil kawawa naman po sila. Lahat po ng ating ginagawa ay may balik po sa atin iyan.

So iyon po, sa ating mga kababayan, magtulung-tulong po tayo, magsama-sama, pakinggan ang mga admonitions ng gobyerno. Huwag po tayong—and of course, [garbled] I strongly recommend, you know, magtanin, magtanim at magtanim. Suportahan ninyo po iyong mga gustong bumalik sa probinsiya. Kami ni Sec. Martin ay nandoon po sa BP Council, mag-apply na po kayo, maganda ang benefits. At pag-uwi ninyo po doon sa inyong lugar, tutulungan din kayo ng gobyerno makapagsimula ng sarili ninyong [garbled] at maka-recover. Iyong iba will be given jobs, iyong iba na may gusto will be taught farming. From nanghihingi, you will now become a productive citizen of our country. In fact, sinisimulan na po namin ngayon iyan. Hindi ko muna sasabihin, pero tayo po ay nagpapatanim na nang malakihan, kasama ang Department of Agriculture at si Senator Bong in connection also with Balik Probinsiya Program.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po sa inyong panahon, PACC Commissioner Belgica. Mabuhay po kayo.

**COMMISSIONER BELGICA:** Mabuhay po, ma'am. Mabuhay, sir. Salamat sa inyong lahat. Mabuhay po kayong lahat.

**SEC. ANDANAR:** Ngayon naman upang alamin ang pinakabagong update kaugnay sa COVID-19, makakausap natin via phone patch si Department of Health Undersecretary Maria Rosario Vergeire. Magandang araw po sa inyo, Usec.

**USEC. VERGEIRE:** Magandang araw po, Secretary.

**SEC. ANDANAR:** Katanungan po mula sa kasamahan natin sa PTV na si Mark Fetalco: Sec. Duque said earlier that there is no evidence yet that asymptomatic patients can infect others. Can you further elaborate this statement, Usec. Vergeire?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, sir. Ito pong mga asymptomatic 'no, klaruhin lang po natin. Ito po iyong mga walang sintomas 'no at saka hindi po nakakapanghawa according po iyan sa definition ng WHO o mga binitiwang salita or statement.

Ang atin pong sinasabi, marami po ang nagsasabi sa ating mga kababayan na marami pong mga walang sintomas ang nasasabing nagpopositibo sa kanilang mga test. Ito po ay atin pong gustong linawin, mayroon po tayong tinatawag na pre-symptomatic individuals na ito po iyong mga tao na maaaring mayroon na ho sila noong virus sa kanila at maaaring magkaroon ng sakit, in how many days mag-uumpisa na at ito po iyong mga maaring nakikita ng ating mga kababayan na nagpopositibo pagkatapos.

Sa ngayon po ang ating WHO ay nakakapagsabi pa rin na ang asymptomatic transmission ay hindi pa rin po nagkakaroon ng ganoong dent 'no, dito po sa ating ginagawang response. Ibig sabihin kung mayroon man po, maliit lang po na porsiyento ang ibinibigay nito sa kabuuan kapag kinumpara natin para po dito sa ating sitwasyon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., may follow up question pa rin mula kay Mark Fetalco: Kaya po ba daw na hindi sinasama sa expanded targeted testing ang mga asymptomatic with no exposure?

**USEC. VERGEIRE:** Kailangan ho nating bigyang linaw iyan 'no Usec. Rocky. Ang atin pong expanded testing, iyon pong ating Subgroup D, ito po iyong mga tao na walang sintomas ngunit mayroon po silang exposure, pero ito po iyong mga tinatawag natin na persons under monitoring. Kapag po tayo ay gumagawa ng expanded testing o 'di kaya pagti-test, ang atin pong inuuna o pina-prioritize ay iyong mga taong may risk of getting it, so ganoon po ang ginagawa natin so that we will be rational in our response.

**SEC. ANDANAR:** Ilang araw mula nang ipatupad ang Modified Enhanced Community Quarantine at GCQ sa mas marami pang lugar, ano po ang obserbasyon ninyo sa naitalang COVID cases? Ano naman ang inyong nakikita sa mga darating pang araw?

**USEC. VERGEIRE:** Sa ngayon, sir, when we were trying to look at our data dito po, these past days after nga po madeklara na mayroon na tayong Modified ECQ at iyong iba naman po ay GCQ, ang atin pong mga kaso ay nag-a-average pa rin po ng katulad noong dati. Wala pa ho tayong spike na tumataas o 'di kaya ang mga pagkakamatay ay tumataas din. So titingnan ho natin iyan sa mga darating na panahon o darating na araw kung tayo ay magtatala ng pagtaas ng kaso o pagbaba ng kaso at bibigyan po natin ng impormasyon ang ating mga kababayan.

**SEC. ANDANAR:** Ano naman ang update sa ginawang expanded targeted testing sa buong bansa? Masasabi ba nating maaabot ang target na dami para sa darating na katapusan ng buwan ng Mayo?

**USEC. VERGEIRE:** Ang atin pong target at the end of May na naitala po natin is 30,000 tests per day. Mayroon ho tayong tinitingnan na mga laboratoryo para ma-expand natin ang capacity natin nang ma-expedite po natin ang paglilisensya. Ito po ay labingpitong laboratoryo sa ngayon na nasa various stages, stage 3 and stage 4 of the process for licensing. So nagbigay na ho tayo ng mga specific na mga teams para tutukan ang mga laboratories na ito, dahil ito po ang magbibigay sa atin noong capacity para maitaas natin at ma-reach natin iyong 30,000 tests per day. Kasama na rin po ang ating private sector who also are providing 'no ito pong mga pop-up labs, ang PRC po may dalawang laboratoryo na malapit na rin pong malisensiyahan para po ma-attain natin itong 30,000 tests per day.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., habol ko lang iyong tanong ni Joseph Morong ng GMA7: Iyong possibility daw po na small area lockdown na tinitingnan ng NTF, ano daw po ang comment ninyo dito?

**USEC. VERGEIRE:** Isa po iyan sa mga pinag-usapan 'no noong nag-i-Inter-Agency Task Force meetings tayo. Ito po ay isang rekomendasyon na sinasabi, na maaaring makapagbigay ng authority sa isang lugar kung sakaling makikita nila na tumataas na ang kaso. So mayroon ho tayong mga pamantayan na kailangang gamitin at mayroon din po tayong inter-agency task force, both national and regional, na kailangang magbigay ng approval bago maisagawa po iyan. So kung mangyayari po iyan, iyan po ay kung pag-uusapan at maaaprubahan sa IATF ay susuportahan po iyan ng Kagawaran.

**USEC. IGNACIO:** Kung ang isang kumpanya na nagnanais na sumailalim ang kanilang mga employees sa swab test or RT-PCR test, maaari ba daw po itong gawin ng kanilang company nurses?

**USEC. VERGEIRE:** Ang RT-PCR test po ay ginagawa sa mga licensed na laboratories 'no, ito po iyong ating mga 31 RT-PCR laboratories ngayon. Ngayon kung ang mga company-nurses po ang gagawa diyan po sa kani-kanilang mga opisina ay kailangan pong makipag-coordinate sa ating mga laboratoryo para—kasi po may training pa na pangangailangan para makapaggawa ng mga swabbing po na tinatawag natin.

Ngunit gusto ko lang hong ipaalala sa ating mga employers na base po sa protocol ng DOH, ang atin pong mass testing for our employees, hindi po inirerekomenda. Ang nirerekomenda ho natin ay symptomatic screening and those with symptoms during the time of screening and 14 days prior to screening, iyon lang po iyong ating inirerekomendang mai-test ng ating mga employers.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Ano na lang po iyong, Usec. Vergeire, mensahe ninyo sa ating mga kababayan?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, ma'am. Sa atin pong mga kababayan, gusto pa lang din ho naming iparating ulit at ulit-ulitin, let us not be complacent. Opo, nagkaroon na tayo ng shift towards this Modified ECQ or nagkaroon na ng GCQ, pero hindi pa ho tapos ang ating laban sa COVID-19, nandiyan pa ho iyong virus, nandiyan pa ho iyong banta sa ating kalusugan. So iyon pong responsibilidad ng bawat isang tao, bawat Pilipino – kailangan po ay ibigay ho natin itong responsibility, maging responsible po tayo. Tulungan natin ang ating gobyerno nang sa gayon po magtuluy-tuloy na po ang pagbaba ng kaso at mag-flatten po ang ating curve so that maaari na po tayong magkaroon ng new normal dito po sa ating bansa.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po sa inyong panahon, Department of Health Undersecretary Maria Rosario Vergeire.

**USEC. VERGEIRE:** Thank you very much po.

**SEC. ANDANAR:** Para naman kumustahin ang kalagayan ng ating LGUs sa pamamahagi ng ayuda para sa mga apektado nating kababayan, makakausap natin sa puntong ito si Department of Interior and Local Government Undersecretary for Barangay Affairs, Usec. Martin Diño. Magandang araw po sa inyo, Usec.

**USEC. DIÑO:** Magandang, magandang tanghali, Secretary Martin, tukayo. Sa ngayon kasi iyong ating ano, almost 100% na iyong sa atin sa first tranche. Kaya ngayon, ang tinitingnan na natin ay iyong preparation para sa second tranche na. Kaya dito, handang-handa na ang barangay, alam ninyo naman kami, iyong 42,045 barangays, ready kami kung anong iuutos ng national government sa lahat ng aspeto. Kamukha nito, kung halimbawa at katulong na natin ngayon ang ating kapulisan at military sa pagdi-distribute noong pera, nandito po ang barangay para umayuda.
Handang-handa po kami at pati doon sa pagbibigay ng listahan para doon sa second tranche ay nakahanda na rin po ang barangay. Kaya nga kanina pati iyong nabanggit ninyo na—actually as early as January 31st, inumpisahan na po namin iyong BHERT, iyong Barangay Health Emergency Response Team kaya puwede kaming mag-concentrate sa barangay level at aayudahan namin ang national government tungkol diyan.

**SEC. ANDANAR:** Usec., apatnapu't dalawang barangay officials ang humaharap ngayon sa criminal charges. Ano ba ang mga karaniwang complaints laban sa kanila at sa ngayon, gaano na po karami ang mga na-dismiss at nasuspindi?

**USEC. DIÑO:** Sa ngayon ho, 42 iyong sinampahan na ng kaso ng CIDG. Kapag ang kaso ho kasi ay tungkol sa Social Amelioration Program ng gobyerno, diretso na natin iyan sa CIDG at sila ang nagki-case buildup. At pagdating naman po doon sa social distancing at saka doon sa enforcement ng Enhanced Community Quarantine ay ang departamento ko na po, ang

Undersecretary for Barangay Affairs at iyan, kami ang nagpa-file ng kaso laban sa kanila. Pero binibigyan po namin muna ng show cause order.

Actually ang napalabas na namin show cause order ngayon ay nasa 140, kasi kailangan din natin ng ebidensiya, hindi naman tayo basta-basta makakapag-file ng kaso, not unless na mayroon tayong strong evidence na tatayo sa korte. Pero talaga ngayon, katakut-takot ang complain na natatanggap natin, most especially dito sa SAP na kung saan ang karaniwang reklamo diyan, si kapitan ay namili, si kapitan inuna ang kamag-anak tapos iyong kaniyang mga kaalyado… Tapos mayroon pa na humingi sa—kapag nakatanggap ng pera, hinihingan ng donasyon iyong beneficiary. Tapos iyong iba naman, mayroong processing fee na P2,000 pero kadalasan ngayon iyong hinahati-hati ni kapitan.

**USEC. DIÑO:** Hindi naman kami nagkulang ng paalala sa ating mga punong barangay na wala silang karapatan, wala silang authority para hati-hatiin iyan. Iyang pera na iyan ay para doon sa beneficiary lamang at hindi sila puwedeng manghingi, hindi puwedeng mangotong sabi nga. Kaya dito, ito na po iyong ating ginagawa ngayon na kung saan talagang hinihigpitan natin.

Pero, Tukayo, in fairness ha, there are 42,045 barangay all over the Philippines, ang nagreklamo sa atin siguro, more or less, doon sa lahat ng ano nasa more than 2,000. At least mayroon pa tayong talagang nagtatrabaho na 40,000 na matino, mahusay at maaasahan na barangay. At saka at the end of the day, sa barangay tayo ano, kasi kami ang may hawak ng records ng ating kada-barangay, kilala namin lahat ng tao at nandidito ang barangay para ayudahan ang ating city mayor. Kamukha ng pagdi-distribute, ang nag-distribute niyan, hindi po barangay, kung hindi ang City Treasurer, Municipal Treasurer ng kaniya-kaniyang cities at municipalities. And yet, sabi ko nga sa inyo, we are ready, nandirito lang ang barangay at we are ready to follow all the orders from the national government.

**USEC. IGNACIO:** Usec. Diño, mayroon po tayong tanong mula kay Aileen Taliping ng Abante Tonite. Maaari ba daw pong tumanggi ang isang barangay official na magpa-swab test matapos daw po mag-positive sa rapid test? Wala ba daw pong magiging pananagutan ito? At may direktiba ba ang DILG na nag-oobliga sa barangay officials na magpa-swab test para mapangalagaan ang kaligtasan at ang kalusugan ng kanilang komunidad?

**USEC. DIÑO:** Naku, lalung-lalo na kapag ikaw ay government official, obligado ka; wala kang karapatang tumanggi. Dahil unang-una, dapat unang alagaan ng ating pamahalaan ay iyong frontliner, mga frontliner, kami sa barangay. Kami iyong unang humaharap sa tao kaya nga sabi ko nga sa inyo, kami iyong pinakadelikado. Ako nagpa-swab na ako sa Lung Center, lahat ng staff ko dito, walang puwedeng tumanggi diyan dahil unang-una, kapag ikaw ay nag-undergo diyan sa swab testing ay hindi lang sarili mo ang iyong nililigtas kung hindi ang iyong pamilya, ang iyong constituent.

May obligasyon tayo sa ating pamahalaan, sa ating mamamayan na siguraduhin na ang ating kalusugan, lalung-lalo na kung tayo ang nasa harapan ay sigurado tayo na tayo ay malusog at

tayo ay hindi manghahawa. Iyan ang purpose dito ngayon at iyan ang tinatrabaho natin sa kaligtasan ng ating bansa.

**USEC. IGNACIO:** Usec, ito iyong pangalawang tanong niya, pero parang sinusumbong niya ito eh. May isang barangay daw po malapit sa Malacañang may nagpositibo daw po sa rapid test ang constituent pero walang ginawa ang chairman para i-quarantine ito para hindi maging banta sa mga pamilya at kapitbahay. Sa madali't sabi, hindi daw po sinunod ang direktiba at panuntunan ng MECQ. Ano daw po ang gagawin ng inyong tanggapan dito?

**USEC. DIÑO:** Puwedeng kasuhan iyan dahil unang-una, tandaan ninyo, inuulit ko, as early as January 31st ay naglabas na ng direktiba ang DILG tungkol dito sa pagbubuo ng Barangay Health Emergency Response Team; at noong February 6, pinagtibay natin iyan. Dito lang ninyo unang nadinig iyong PPE, iyong Personal Protective Equipment; dito lang ninyo unang nadinig ang Barangay Isolation Unit.

Sabi ko sa inyo, advanced si Secretary Año eh. January, February pa lang ay nakahanda na ang barangay sa buong Pilipinas tungkol dito sa ating hinaharap na problema, itong COVID-19.

**USEC. IGNACIO:** Usec, sa mga kababayan po natin na nais magreklamo, muli, saan po sila maaaring tumawag?

**USEC. DIÑO:** Actually, mayroon po tayong hotline dito sa DILG, 24/7 kami dito. Actually, ito na iyong pang-67th day namin dito. Bale sa 8th floor lang ang bukas dito saka dito sa 26th floor itong opisina ko at dito po sila puwedeng mag-file ng reklamo. At I think mayroon ding hotline ang DSWD at ang ating mg local social welfare office ng kaniya-kaniyang siyudad at munisipyo.

**USEC. IGNACIO:** Okay, huli na lamang po, Usec. Ano iyong inyong mensahe sa ating mga kababayan lalo na po doon sa mga local government units?

**USEC. DIÑO:** Eh obligasyon natin na talagang magtrabaho tayo ngayon ng 24/7 at obligasyon natin na iligtas ang buhay ng bawat mamamayan sa ating kaniya-kaniyang barangay. At alam ko naman na napakarami na talagang mga barangay officials all over the Philippines na talagang nagtatrabaho at talaga namang ginagampanan ang kanilang tungkulin.

At doon sa mga iilan na mga gustong dumiskarte, gumawa ng kalokohan, may paglalagyan kayo ngayon. Binalaan na kayo ni Presidente na huwag kayong tatamad-tamad, at nagbigay na ng pabuya na kapag kayo ay naisumbong may P30,000 iyong mga magsusumbong sa inyo, kaya iyong kokotongan ninyo iyong para sa kanila na social amelioration, aba eh matatanggal kayo kaagad sa puwesto maniwala kayo.
At doon naman sa hanggang ngayon, iyong mga pasaway eh pumasok na po kayo ng bahay dahil buhay ninyo ang nililigtas namin at huwag na kayong maging perwisyo sa ating kaniya-kaniyang barangay.

And we will monitor, ang mga tauhan ko po ay umiikot araw-araw para i-monitor ang sumbong laban sa mga barangay officials at agad-agad kakasuhan namin kayo kapag talagang hindi ninyo tinupad ang inyong katungkulan. Mabigat po iyong batas, iyong Republic Act 11469, dalawang buwan na pagkakakulong, P10,000 to one million at mayroon pong perpetual disqualification para doon sa mga magba-violate na barangay officials. Iyan po ang batas na ginawa natin.

**USEC. IGNACIO:** Okay, maraming salamat po sa inyong oras, DILG Undersecretary Martin Diño.

**USEC. DIÑO:** Maraming, maraming salamat po. Mabuhay po.

**USEC. IGNACIO:** Sa puntong ito dumako naman tayo sa pinakahuling ulat mula sa iba't ibang lalawigan sa bansa. Makakasama natin mula sa Philippine Broadcasting Service si Czarinah Lusuegro.

[NEWS REPORTING]

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat sa iyo, Czarinah Lusuegro.

Samantala, sa gitna po ng krisis dulot ng COVID-19, nagkaroon ng iba't ibang cash assistance program sa mga ahensiya ng pamahalaan gaya ng DSWD, DOLE at Department of Finance bilang pagtugon sa mga naapektuhan sa ipinatutupad na community quarantine sa bansa. Kaya naman pinaalalahan ni Senator Bong Go ang mga concerned government agencies na namamahagi ng ayuda na maging transparent at responsible sa pamamagitan ng pagbibigay ng listahan ng mga naging beneficiaries ng bawat programa nang sa ganoon po ay masigurado na hindi magkakadoble-doble ang matatanggap na assistance ng mga qualified beneficiaries. Aniya, mahalagang mapunta sa poorest of the poor, ang mga nangangailangan nating kababayan, ang mga ayuda na inilaan ng pamahalaan para sa kanila.

Kaya naman upang maiwasan ang paulit-ulit na pagtangap ng assistance, nagkaroon ng online portal kung saan nakapaloob ang listahan ng mga karapat-dapat na maging benipisyaryo ng mga programa. Nagpasalamat din ang Senador sa mga kababayan natin na may mabubuting kalooban na nagbalik ng sobrang cash assistance na kanilang natanggap dahil sa gitna ng pandemya ay may mga Pilipino pa ring matapat at isinaalang-alang ang mga kapakanan ng iba pa nating kababayan na hindi pa nakakatanggap ng ayuda.

Kamakailan ay napabalitang dalawang residente mula sa Lungsod ng Las Piñas na nagsaoli po ng P8,000 cash aid sa kanilang City Social Welfare and Development matapos malamang nag-file ang kanilang employer ng financial assistance sa SSS, kaya naman ikinatuwa ni Senator Bong Go ang mga ganitong balita. Ayon sa kaniya, malaking bagay ang pagiging matapat ng mga Pilipino sa ganitong panahon dahil doon, ang pera na kanilang ibinalik po ay mapupunta aniya sa iba pang mas nangangailangan ng tulong.

Samantala, dumako naman tayo sa COVID-19 update sa bansa. Base po sa tala ng Department of Health as of May 21, 2020, 4:00 P.M., umabot na po sa 13,434 ang bilang ng mga nagpositibo sa buong bansa, 846 ang nasawi, habang patuloy naman po ang pagtaas ng mga gumagaling kung saan umabot na sa 3,000 ang kabuuang bilang ng mga naka-recover sa COVID-19.

At iyan po ang aming nakalap na impormasyon. Maraming salamat po sa inyong pagsama sa amin ngayong araw at siyempre sa mga nakausap natin sa kanilang oras na inilaan para po sa programa. Salamat din po sa Filipino Sign Language Access Team for COVID-19. Mabuhay po kayo.

Ang Public Briefing po ay hatid sa inyo ng iba't ibang sangay ng Presidential Communications Operations Office sa pakikipagtulungan ng Department of Health at kaisa ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas o KBP.

Sa ating pagbabayanihan, malalagpasan natin ang pagsubok na ito. Together, We Heal as One. Mula po sa Presidential Communications Office, ako po si Undersecretary Rocky Ignacio kasama si Secretary Martin Andanar. Magkita-kita po tayong muli bukas dito lamang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

##

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)